

Mga serbisyo ng Transportasyon para sa mga Tumatanggap ng Medi-Cal

Enero 2019, Pub. #F120.08 - Tagalog

Ipinapaliwanag ng fact sheet na ito kung paanong makakuha ng transportasyon sa iyong mga medikal na appointment mula sa iyong Medi-Cal Managed Care Plan (MCP). Tinatalakay sa hulihan ng publikasyon na ito kung paanong makakuha ng mga serbisyo ng transportasyon kung mayroon kang Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal.

BACKGROUND

Ang Non-Emergency Medical Transportation (NEMT) ay matagal nang kinikilala bilang isang nasasaklawang benepisyo ng Medi-Cal. Epektibo sa Hulyo 1, 2017, ang lahat ng MCP ay dapat ding magkaloob ng Non-Medical Transportation (NMT) para makakuha ng medikal na kinakailangan, nasasaklawan-ng-MCP na mga serbisyong carved in AT para sa mga serbisyong carved out na hindi nasasaklawan sa ilalim ng kontrata ng MCP. (*Tignan ang WIC Section 14132(ad)*). Ang mga serbisyong hindi ipinagkakalob sa pamamagitan ng MCP ay sinasabing “carved out” ng managed care. Ang serbisyo ay “medikal na kinakailangan” kapag ito ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay, maiwasan ang matinding karamdaman o matinding kapansanan, o mabawasan ang malalang sakit. (WIC Section 14059.5.)

Kasama sa mga serbisyo ng NMT ang transportasyon papunta at mula sa isang pagpapatingin sa doktor, sa parmasya o medikal na supplier para daanan ang mga inireseta, dumalo sa isang may sakit na sanggol na nasa Neonatal Intensive Care Unit (NICU), o para tumanggap ng anumang iba pang serbisyong nasasaklawan ng Medi-Cal, kabilang ang mga serbisyo sa

kalusugan hinggil sa pag-iisip at ngipin. (Tingnan ang [Benepisyo ng Non-Medical Transportation \(Hindi Medikal na Transportasyon\) ng Medi-Cal.](#))

Simula sa Oktubre 1, 2017, dapat ding magkaloob ang mga MCP ng NMT para sa mga serbisyong Medi-Cal na hindi nasasaklawan sa ilalim ng kontrata ng MCP (“mga serbisyong carved out”) kabilang, ngunit hindi limitado sa, espesyalidad sa kalusugan hinggil sa pag-iisip, diperensya sa paggamit ng sustansya, hinggil sa ngipin, at anumang iba pang serbisyong inihahatid sa pamamagitan ng sistema ng paghahatid ng FFS ng Medi-Cal. (Tingnan ang [Lahat ng Plano na Sulat 17-010 Hindi-Emergency na Medical at Hindi-Medical na Mga Serbisyo ng Transportasyon.](#))

I. Non-Emergency Medical Transportation (NEMT)

Ang NEMT ay isang nasasaklawan ng benepisyo ng Medi-Cal kapag kinakailangan makakuha ng miyembro ng mga serbisyong medikal na kinakailangan at kapag nakasulat na inireseta ng isang manggagamot, dentista, podiatrist, kalusugan hinggil sa pag-iisip, o provider ng dipirensya sa paggamit ng sustansya.

a. Paano ko malalaman kung karapat-dapat ako para sa NEMT?

Kung pinipigilan ka ng iyong medikal o pisikal na kundisyon sa paggamit ng mga ordinaryong pamamaraan ng pampubliko o pribadong transportasyon at kailangan ang transportasyon sa pagkuha ng mga serbisyo na medikal na kinakailangan, kailangang pagkalooban ka ng mga MCP ng medikal na naaangkop na mga serbisyo ng NEMT. (22 CCR Sections 51323(a), (b)(2)(C)). Dapat magkaloob ang mga MCP ng NEMT para sa mga miyembro na hindi makatwirang makalakad o hindi kayang tumayo o makapaglakad nang walang tulong (tulad ng mga gumagamit ng andador o mga saklay) at matiyak ang tulong sa simula hanggang katapusan. Sa pinakamababa, dapat awtorisahan ng mga MCP ang pinakamababang uri ng halaga ng NEMT na natutugunan ang iyong mga medikal na pangangailangan. Ang mga serbisyo ng NEMT ay sasailalim sa paunang awtorisasyon, maliban lamang sa mga ililipat mula sa inpatient na pamamalagi sa malalang lebel ng pangangalaga papunta sa isang ospital ng malalang pangangalaga, skilled nursing facility (SNF), o lisensyadong pasilidad ng madaliang pangangalaga. (22 CCR Section 51323(b)(2)(C)).

b. Paano kung kailangan ko ng mga serbisyo na HINDI nasasaklawan ng kontrata ng aking MCP?

Para sa mga serbisyo ng Medi-Cal na labas sa kontrata ng MCP, dapat gawin ng MCP ang pinakamabuti nitong pagpupursigi para isangguni at ikoordina sa NEMT. Dapat tiyakin ng MCP na walang mga limit sa pagtanggap ng NEMT hangga't medikal na kinakailangan ang iyong mga serbisyo at nakakuha ka ng paunang pahintulot para sa NEMT.

c. Paano kung isang menor-de-edad ang miyembro ng MCP?

Kung isang menor-de-edad ang miyembro, dapat ding magkaloob ang MCP ng transportasyon para sa isang magulang o tagapag-alaga. Maaaring isaayos ng MCP ang NEMT para sa menor-de-edad na walang kasama nang may nakasulat na pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng menor-de-edad, maliban lang kung naghahanap ang menor-de-edad ng mga serbisyo ng Minor Consent Medi-Cal tulad ng pangangalaga hinggil sa reproduksyon. Bago mag-ayos ng transportasyon para sa walang kasamang mga menor-de-edad, dapat siguruhin ng MCP na natanggap nito ang lahat ng kinakailangang nakasulat na mga form ng pahintulot. HINDI kinakailangan ang pahintulot ng magulang para sa mga serbisyong Minor Consent Medi-Cal.

d. Anu-ano ang mga uri ng mga serbisyo ng NEMT na nakalaan para sa akin?

Kung pinipigilan ka ng iyong medikal o pisikal na kundisyon sa paggamit ng mga ordinaryong pamamaraan ng pampubliko o pribadong transportasyon at kailangan ng transportasyon para makuha mo ang kinakailangang medikal na pangangalaga, dapat ipagkaloob ng mga MCP ang sumusunod na apat na pamamaraan ng transportasyon ng NEMT.

i. Mga serbisyo ng Ambulansya ng NEMT para sa:

- Mga paglilipat sa pagitan ng mga pasilidad para sa mga miyembro na kailangan ng tuluy-tuloy na isinusuwerong (IV) gamot, medikal na sinusubaybayan, o inoobserbahan
- Mga paglipat mula sa isang pasilidad ng malalang pangangalaga papunta sa isa pang pasilidad ng malalang pangangalaga

- Paghahatid sa mga miyembro na kamakailan lang ay inilagay sa oxygen (hindi lumalapat sa mga miyembrong may hindi gumagaling na emphysema na binibitbit ang sarili nilang oxygen para sa tuluy-tuloy na paggamit)
- Paghahatid sa mga miyembro na may mga kundisyong hindi gumagaling na kinakailangan ng oxygen kung kinakailangan ang pagsusubaybay.

ii. Mga serbisyo ng Litter Van (Van na May Istretser)

Ang litter van ay isang binagong sasakyan na ginagamit para sa layunin ng pagkaloob ng NEMT para sa mga pasahero na may matatag na mga medikal na kundisyon na kinakailangan ng paggamit ng istretser o gurney, at hindi palagiang kinakabitang medikal na kagamitan o kailangan ng mga kawani para sa isinaespesyal na pangangalagang ibinibigay sa isang ambulansya. Dapat magkaloob ang mga MCP ng mga serbisyo ng litter van kung HINDI natutugnan ng iyong medikal at pisikal na kundisyon ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng ambulansya ng NEMT, ngunit natutugnan ang pareho sa sumusunod:

- Kinakailangan na maihatid ang miyembro sa isang plastado o nakahiga nang tihaya dahil hindi niya kayang umupo para sa tagal ng paghahatid; AT
- Kinakailangan ng isinaespesyal na kagamitang pangkaligtasan at higit pa sa kung ano ang karaniwang nakalaan sa mga pampasaherong sasakyan, taxicab, o iba pang anyo ng pampublikong transportasyon. (22 CCR Section 51323(2)(A)(1), (B).)

iii. Mga serbisyo ng Wheelchair Van

Dapat magkaloob ang mga MCP ng mga serbisyo ng wheelchair van kapag HINDI natutugnan ng iyong medikal at pisikal na kundisyon ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng litter van, ngunit natutugnan ang alinman sa sumusunod:

- Hindi ka makaupo sa pribadong sasakyan, taxi, o iba pang anyo ng pampublikong transportasyon para sa haba ng panahong kinakailangan para maihatid; O

Pahina 5 ng 10

- Dapat kang maihatid sa isang wheelchair o tinutulungan papunta at mula sa isang tinitirhan, sasakyan, at lugar ng paggagamot sanhi sa isang nakababaldang pisikal o hinggil sa pag-iisip na limitasyon; O
- Kinakailangan ng isinaespesyal na kagamitang pangkaligtasan higit sa tipikal na nakalaan sa mga pampasehorang sasakyan, taxi, o iba pang anyo ng transportasyon (22 CCR Sections 51323(3)(A)-(C))

Maaari kang maging karapat-dapat para sa paghahatid ng wheelchair van kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon at nagsumite ang iyong doktor ng nilagdaang form ng Physician Certification Statement (ibayong tatalakayin sa ibaba):

- Malalang kaguluhan hinggil sa pag-iisip
- Paraplegia
- Mga tumatanggap ng dialysis
- Mayroon kang kundisyong hindi gumagaling na kinakailangan ng oxygen ngunit hindi kinakailangan ng pagsusubaybay

iv. NEMT sa Panghimpapawid

Dapat magkaloob ang mga MCP ng NEMT sa panghimpapawid kung kinakailangan ito dahil sa iyong medikal na kundisyon o dahil hindi praktikal ang paghahatid sa lupa. Dapat magsumite ang iyong doktor, dentista, podiatrist, kalusugan hinggil sa pag-iisip, o provider ng diperensya sa paggamit ng sustansya ng nakasulat na kautusan na ipinapaliwanag kung bakit kinakailangan ang paghahatid sa panghimpapawid.

e. Mga Form ng Physician Certification Statement (PCS) ng NEMT

Ang bawat MCP at may sarili nitong form ng PCS. Maaari kang humiling ng form mula sa iyong doktor sa pamamagitan ng telepono, hinggil sa elektroniko, nang personal, o iba pang pamamaraang itinakda ng iyong MCP. Sa sandaling maireseta ng iyong doktor ang form ng paghahatid, hindi maaaring baguhin ng MCP ang awtorisasyon. Sa pinakamababa, dapat isama ng iyong doktor ang sumusunod na impormasyon:

- **Pagbibigay-katwiran sa mga Limitasyon sa Pagkilos:** Dapat idokumento ng iyong doktor ang iyong mga limitasyon at magbigay ng partikular na mga limitasyong pisikal at medikal na pumipigil sa iyo na makatwirang makalakad nang walang tulong o paghahatid sa pamamagitan ng mga pampubliko o pribadong sasakyan.
- **Mga petsa na Kinakailangan ang Serbisyo:** Magbigay ng mga petsa ng simula at pagtatapos para sa mga serbisyo ng NEMT hanggang sa isang pinakamaraming 12 buwan.
- **Kinakailangang Pamamaraan ng Transportasyon:** Ambulansya, litter van, wheelchair van, o panghimpapawid na paghahatid.
- **Pahayag ng Sertipikasyon:** Dapat setipikahin ng iyong manggagamot na ginagamit ang medikal na pangangailangan para malaman ang uri ng transportasyon na kailangan mo.

II. Hindi-Medical na Transportasyon (NMT)

Dapat magkaloob ang mga MCP ng NMT para sa lahat ng serbisyo ng Medi-Cal, kabilang iyong mga HINDI nasasaklawan ng kontrata ng MCP. Kasama sa mga serbisyong hindi nasasaklawan sa ilalim ng kontrata ng MCP, ngunit hindi limitado sa, espesyalidad sa kalusugan hinggil sa pag-iisip, diperensya sa paggamit ng sustansya, hinggil sa ngipin, at anumang iba pang benepisyong inihahatid sa pamamagitan ng FFS.

a. Paano ko malalaman kung kailangan ko ng NMT o NEMT?

Hindi kasama sa NMT ang paghahatid sa mga dapat ihatid sa pamamagitan ng ambulansya, litter van, wheelchair van, o panghimpapawid na paghahatid. Bilang halimbawa, maaaring ireseta ng iyong doktor ang NMT kung kasalukukuyan kang gumagamit ng wheelchair ngunit nakapaglalakad ka nang walang tulong mula sa driver. Tulad ng NEMT, ang hinihiling na NMT ay dapat maging pinakamurang paraan ng transportasyon na natutugunan ang iyong mga pangangailangan.

b. Anu-ano ang mga serbisyo ng NMT ang nakalaan sa akin?

- Balikang transportasyon sa pamamagitan ng pampaseherong sasakyan, taxicab, o anumang ibang anyo ng pampubliko o pribadong sasakyan, kabilang ang reimbursement ng milyahe para sa mga medikal na layunin kapag ang pahahatid ay nasa isang pribado

at napagkasunduan ng miyembo at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, mga pases sa bus, voucher ng taxi, o mga tiket sa tren

- Ang balikang biyahe ng NMT ay nakalaan para sa sumusunod:
- Mga serbisyong nasasaklawang medikal na kinakailangan
- Pagdaan sa mga inisetang gamot na hindi maaaring mai-mail nang direkta sa iyo
- Pagdaan sa mga medikal na supply, prosthetics, orthotics, at iba pang medikal na kagamitan
- Dapat magkaloob ng NMT ang mga MCP sa paraan na pisikal at heyograpikong accessible sa iyo at naalinsunod sa naaangkop na mga batas ng mga karapatan ng kapansanan ng estado at pederal

c. Paano ako makakukuha ng awtorisasyon para sa mga serbisyo ng NMT?

Dapat gamitin ng mga MCP ang naunang proseso ng awtorisasyon para sa pag-aproba ng mga serbisyo ng NMT at muling awtorisahan ang mga serbisyo tuwing 12 buwan kapag kinakailangan. Kasama sa nasasaklawan ng NMT ang gastos ng transportasyon para sa iyo at isang katulong para samahan ka, sasailalim sa paunang awtorisasyon sa panahon ng inisyal na kahilingan ng NMT. Tulad ng NEMT, ang mga MCP ay maaaring magsaayos para sa NMT para sa isang walang kasamang menor-de-edad na may nakasulat na pahintulot ng magulang o tagapag-alaga.

Obligado ang mga MCP na matugunan ang tamang-tama sa oras na mga pamantayan ng access para sa mga serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan. (22 CCR Section 1300.51(d)(H)). Nangangahulugan ito na may mga limit sa kung gaanong katagal mong kailangang maghintay para makuha ang mga serbisyo at ang anumang mga antala dahil sa NEMT o NMT ay hindi niyon ginagawang mas matagal ang mga limit. Ang mga MCP na may lisensya ng Knox-Keene ay kinakailangan ding matugunan ang tamang-tama sa oras na mga pamantayan ng access na nakapaloob sa 28 CCR Section 1300.67.2.2. Para sa higit na impormasyon sa tamang-tama sa oras na mga pamantayan ng access sa pangangalaga, tingnan ang publikasyon #5610.01 Medi-Cal Managed Care Time and Distance Standards (Mga pamantayan ng Oras at Distanya ng Medi-Cal) para sa mga Provider, ay nakalaan sa online: [Medi-Cal na Pamamahala ng](#)

[Pangangalaga Oras at Distansya ng Mga Pamantayan para sa mga Tagabigay](#)

d. Anu-ano ang serbisyong HINDI nasasaklawan ng NMT?

HINDI nasasaklawan ng NMT ang mga biyahe papunta sa isang hindi medikal na lokasyon o mga appointment na hindi mga medikal na kinakailangan.

e. Anu-ano ang kinakailangan para awtorisahan ang NMT ng pribadong sasakyan?

Dapat awtorisahan ng iyong MCP ang paggamit ng pribadong sasakyan kapag walang ibang pamamaraan ng transportasyon ang makatwirang nakalaan o ipinagkakaloob ng MCP. Bago mag-apply para sa paggamit ng pribadong sasakyan, dapat mong ubusin ang lahat ng makatwirang opsyon ng transportasyon at kumpirmahin na walang ibang pamamaraan ang nakalaan alinman nang personal, hinggil sa elektroniko, o sa pamamagitan ng telepono sa iyong MCP. Maaaring kasama nito ang pagbeberipika na wala kang wastong driver's license o nakalaang sasakyan na gumagana; hindi makabiyaha o makapaghintay para sa mga serbisyong medikal o hinggil sa ngipin nang mag-isa; o mayroon kang limitasyon sa pisikal, katalusan, hinggil sa pag-iisip, o hinggil sa paglilinang.

Ano ang maaari kong gawin kung tatanggihan ng MCP ang aking kahilingan para sa NEMT o NMT?

Kung tatanggihan ng iyong MCP ang iyong kahilingang NEMT o NMT batay sa medikal na kinakailangan, lebel ng hinihiling na transportasyon, o tatangging magbayad para sa transportasyon, maaari iapela ang desisyon sa iyong MCP. Ang apela ay isang repaso ng iyong MCP ng pagtangga. (42 CFR Section 438.400(b)). Dapat mong ihain ang iyong apela sa loob nang 60 araw pagkatapos mong matanggap ang abiso ng pagtangga. Para sa higit na impormasyon sa paghahain ng apela sa iyong MCP, tingnan ang publikasyon #5606.01 *Medi-Cal Managed Care: Mga apela at Karaingan*, nakalaan sa online. [Mag-click dito para basahin pa ang tungkol sa Medi-Cal Managed Care: Mga apela at Karaingan](#) Bilang karagdagan, nakalaan sa online ang mga nakatutulong na kasagutan sa mga madalas itanong hinggil sa mga serbisyo ng NEMT at NMT. [Mag-click dito para sa higit na](#)

[impormasyon sa mga Madalas Itanong \(FAQs\) ng DHCS Transportation Workgroup](#)

Mayroon akong FFS Medi-Cal. Maaari pa ba akong makakuha ng mga serbisyo ng transportasyon?

Simula sa Hulyo 1, 2018, ang ganap na nasasaklawang mga tumatanggap ng FFS at buntis na kababaihan (sa panahon ng pagbubuntis at para sa 60 araw na postpartum) ay maaaring maka-access sa mga serbisyo ng NMT papunta at mula sa nasasaklawan ng Medi-Cal na medikal, kalusugan hinggil sa pag-iisip, diperensya sa paggamit ng sustansya, o mga serbisyo hinggil sa ngipin. (WIC Section 14132(ad)(1)). Nasasaklawan rin ang transportasyon para sa isang tao para sumama sa benepisyaryo ng Medi-Cal kapag kinakailangan, tulad ng katulong para samahan ang isang nakatatandang tao o para sa isang magulang para dalhin ang kanilang anak sa doktor.

Para ma-access ang NMT, tawagan o i-email ang kontak ng transportasyon sa iyong county.

Ang isang kumpletong listahan ng mga kontak ng county ay nakalaan sa online. [Mag-click dito para sa isang listahan ng mga Kontak ng NMT ng County](#)¹

Kung hindi mo pa rin ma-access ang mga serbisyo ng NMT sa pamamagitan ng iyong kontak ng county sa itaas, ipadala ang lahat ng katanungan sa DHCS-Benefits@dhcs.ca.gov na may CC sa Raquel.Sanchez@dhcs.ca.gov. Maaari mo ring tawagan ang impormasyon ng kontak ng San Diego Field Office ((916) 688-6131) para sa mga kahilingan ng NEMT ng FFS (kahit na hindi ka isang residente ng San Diego County).

Sa panghuli, kung hindi ka pa rin makakuha ng NMT sa pamamagitan ng iyong county at sa kontak ng DHCS sa itaas, may karapatan kang humiling para sa isang patas na pagdinig. Dapat mong ihain ang iyong kahilingan sa pagdinig sa loob nang 90 araw ng pagkakatanggap ng Notice of Action (NOA) na tinatanggi ang iyong transportasyon. Maaari kang humiling

¹ Tandaan na ang dokumentong ito ay dapat pinamagatang NMT hindi NEMT dahil inililista nito ang impormasyon para sa NMT. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Pahina 10 ng 10

ng pagdinig sa pamamagitan ng telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa State Hearings Division sa (800) 743-8525, o nang nakasulat sa pamamagitan ng pagkumpleto sa “Request for State Hearing” na nasa likuran ng iyong NOA o pagsulat ng iyong kahilingan sa isang piraso ng papel. Dapat mong isama ang iyong buong pangalan, address, numero ng telepono, ang pangalan ng iyong county na tumanggi sa iyong kahilingan ng transportasyon, at isang detalyadong dahilan kung bakit ka hindi sumasang-ayon at gusto ng padinig ng estado. Isumite ang iyong nakasulat na kahilingan sa isa sa mga sumusunod na mga paraan:

1. Sa pamamagitan ng mail o nang personal sa welfare department (kagawaran ng kapakanan) sa address na ipinapakita sa iyong NOA.
2. Sa pamamagitan ng mail sa California Department of Social Services – State Hearings Division, P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37, Sacramento, CA 94244-2430.
3. Sa pamamagitan ng fax sa (916) 651-2789 o (916) 651-5210.

Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga publikasyon at sabihin sa amin kung gaano kami nakakatulong! [[Sagutan ang Survey](#)]
Para sa tulong na legal tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang isang [form para sa hiling na tulong](#). Para sa lahat ng ibang layunin, tumawag sa 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA). *Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba't ibang pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga tagapondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*